Mensahe Lima

## Ang Intrinsikong Salik ng mga Hangin ng Pagtuturo para sa Masamang Layunin ng mga Ito

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 4:13-15; Gawa 2:42; 1 Tim. 1:3-4; Tito 1:9; 1 Cor. 1:2; 4:17; 12:12-13, 27

**I. Ang pagtuturo ng mga apostol ay ang namumukod-tangi at malusog na pagtuturo ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Gawa 2:42; 1 Tim. 1:3-4; 6:3; Tito 1:9; 2:1:**

A. Ang pagtuturo ng mga apostol ay ang buong pagtuturo ng Bagong Tipan bilang pagsasalita ng Diyos sa pamamagitan ng Anak sa Kanyang Bagong Tipang bayan—Heb. 1:1-2.

B. Ang pagtuturo ng mga apostol ay ang namumukod-tangi, dibinong pahayag ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos mula sa pagkakatawang-tao ng Diyos hanggang sa pagpapasukdol ng Bagong Herusalem—Juan 1:14; Apoc. 21:2.

C. Ang pagtuturo ng mga apostol ay ang tumatangan na salik ng isang puso't kaisipan, sinasanhi tayong magkaroon ng isang puso, isang daan, at isang gol—Gawa 1:14; 2:42a, 46a; Jer. 32:39.

D. Dapat tayong maging mga yaong "tumatangan sa tapat na salita, na ayon sa pagtuturo ng mga apostol"—Tito 1:9:

1. Ang mga ekklesia ay itinatag ayon sa pagtuturo ng mga apostol at sumunod sa kanilang pagtuturo, at ang kaayusan ng mga ekklesia ay napanatili ng tapat na salita, na ibinigay ayon sa pagtuturo ng mga apostol.
2. Dapat nating isalita ang mga bagay na naaangkop sa malusog na pagtuturo ng mga apostol, ang pagtuturo ng ekonomiya ng Diyos—2:1, 7-8; 1 Tim. 1:4.

E. Anumang pagtuturo na naiiba sa pagtuturo ng mga apostol ay hindi pinahihintulutan ng mga apostol; ang pagtuturo ng "ibang mga bagay" ay ipinagbabawal—Gawa 2:42; 1 Tim. 1:3-4:

1. Ang ibang mga pagtuturo ay tumutukoy sa mga pagtuturo na wala sa linya ng ekonomiya ng Diyos—6:3.
2. Ang kaguluhan sa ekklesia ay pangunahing dahil sa paglihis sa pagtuturo ng mga apostol—Gawa 2:42:
   a. Upang labanan ito, dapat tayong tumangan sa tapat na salita na itinuro sa mga ekklesia ayon sa pagtuturo ng mga apostol—Tito 1:9.
   b. Sa madilim at magulong sitwasyon, kailangan nating kumapit sa nagliliwanag at nag-aayos na salita sa Bagong Tipan—ang pagtuturo ng mga apostol—Gawa 2:42.
3. Dapat tayong umiwas sa ibang mga pagtuturo at magtuon sa ekonomiya ng Diyos hinggil kay Kristo at sa ekklesia—1 Tim. 1:3-4; Efe. 3:9; 5:32.

F. Itinuro ni apostol Pablo ang parehong bagay sa lahat ng ekklesia; dapat din nating ituro ang parehong bagay sa lahat ng ekklesia sa bawat bansa sa buong mundo—1 Cor. 4:17; 7:17; cf. Col. 4:16.

G. Ang napakahalagang punto ng malusog na pagtuturo ng ministeryo ng mga apostol ay hinggil sa Tres-unong Diyos na naproseso upang ipamahagi ang Kanyang sarili bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay tungo sa Kanyang mga pinili upang madala sila tungo sa organikong pakikipag-isa upang matanggap ang dibinong pagsasalin at sa gayon ay maging mga anak ng Diyos at mga sangkap ni Kristo; bilang resulta, sila ay magiging Katawan ni Kristo upang ihayag si Kristo, ang Isa kung kanino nananahan ang kapuspusan ng Diyos—1 Cor. 15:45b; 6:17; 12:12-13, 27.

H. Lahat ng pagtuturo na naiiba sa namumukod-tanging pahayag ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos ay itinuturing ng mga apostol bilang mga hangin ng pagtuturo—Efe. 4:14.

**II. Bilang mga sangkap ng Katawan, hindi na tayo dapat maging "maliliit na bata na sinisiklot ng mga alon at tinatangay ng bawat hangin ng pagtuturo sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng katusuhan tungo sa sistema ng kamalian"—b. 14:**

A. Ang *maliliit na bata* ay tumutukoy sa mga mananampalataya na bata kay Kristo, kulang sa paggulang sa buhay—1 Cor. 3:1; Efe. 4:13, 15.

B. Ang mga alon ay pinupukaw ng mga hangin ng ibang pagtuturo, mga doktrina, mga konsepto, at mga opinyon na ipinadala ni Satanas upang akitin ang mga mananampalataya upang tangayin sila mula kay Kristo at sa ekklesia—1 Tim. 1:3-4; Efe. 4:14:
   1. Mahirap para sa mga sanggol kay Kristo na kilalanin ang mga ito; ang tanging paraan upang makatakas mula sa mga alon na pinupukaw ng mga hangin ng pagtuturo ay ang lumago sa buhay, at ang ligtas na paraan upang lumago sa buhay ay ang manatili sa wastong buhay-ekklesia kalakip si Kristo at ang ekklesia bilang pananggalang—bb. 13-15.
   2. Anumang pagtuturo, kahit naaayon sa Kasulatan, na naglilihis sa mga mananampalataya mula kay Kristo at sa ekklesia ay isang hangin na tumatangay sa kanila mula sa walang hanggang layunin ng Diyos—b. 14.
C. Kailangan nating makita ang intrinsikong salik ng mga hangin ng pagtuturo—b. 14:
   1. Ang isang intrinsikong salik ay isang nakatagong salik, isang salik na hindi halata.
   2. Upang makita ang intrinsikong salik na ito, kailangan natin ng isang wasto at matalas na pang-unawa na makalalagos sa buong sitwasyon.
   3. Ang mga pagtuturong ito ay naiiba sa Bagong Tipang pagtuturo hinggil sa ekonomiya ng Diyos para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—1 Tim. 1:3-4; 6:3:
      a. Tila, ang bawat hangin ng pagtuturo ay mabuti; gayunpaman, sa loob ng mga hangin ng pagtuturo, sa pang-intrinsiko, ay isang bagay na naiiba sa pagtuturo ng mga apostol at hindi mabuti.
      b. Ibinabagsak ng mga hangin ng pagtuturo ang pananampalataya ng mga mananampalataya at winawasak ang buhay-ekklesia—2 Tim. 2:18.
D. Ang mga pagtuturo na nagiging mga hangin, tinatangay ang mga mananampalataya mula sa sentrong linya ni Kristo at ng ekklesia, ay mga panlilinlang na sinulsulan ni Satanas sa kanyang katusuhan, sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, upang hadlangan ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos, yaon ay ang itayo ang Katawan ni Kristo—Efe. 1:10; 3:9-11; 4:14, 16:
   1. Ang mga mapagbaha-bahaging pagtuturo ay isinaayos at sinistema ni Satanas upang magsanhi ng seryosong kamalian at sa gayon ay sirain ang praktikal na kaisahan ng buhay-Katawan—b. 3.
   2. Ang pandaraya ay sa mga tao, subalit ang sistema ng kamalian ay kay Satanas at may kaugnayan sa mga mapanlinlang na pagtuturo na dinisenyo ng masamang isa upang ilihis ang mga banal mula kay Kristo at sa buhay-ekklesia—b. 14; 5:32.
E. Ang layunin ng mga hangin ng pagtuturo—ang masamang layunin ng kaaway na si Satanas—ay upang hadlangan ang pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo at upang hatiin ang mga sangkap ng organikong Katawan ni Kristo, nagsasanhi ng walang katapusang mga pagkakabaha-bahagi sa halip na ingatan ang kaisahan ng Katawan ni Kristo sa loob ng pag-ibig at kabutihan—1 Cor. 1:10-11; Jud. 19.
F. Ang maling pagtuturo hinggil sa ganap na pagsasarili ng isang ekklesia-lokal ay nakapasok sa pagbabawi ng Panginoon:
   1. Ang ituro na ang mga ekklesia-lokal ay lubusang nagsasarili ay ang hatiin ang Katawan ni Kristo—Roma 12:5; 16:17.
   2. Ang pagtuturo hinggil sa pagsasarili ang pumipinsala, nagliligaw, at lumilinlang sa mga Kristiyano at lumilikha ng maraming pagkakabaha-bahagi—Jud. 19.
   3. Ang ekklesia ay ang Katawan ni Kristo, at bilang Katawan ni Kristo, walang bahagi ng ekklesia ang maaaring maging nagsasarili—1 Cor. 1:2; 12:12-13.
   4. Ang mga ekklesia-lokal ay para sa kahayagan ng Katawan ni Kristo; ang mga ito ang kahayagan ng Katawan ni Kristo sa iba't ibang lokalidad—1:2; 12:27.

5. Sa ating pagsasaalang-alang ang Katawan ay dapat maging una, at ang mga ekklesia-lokal ay dapat ikalawa—Efe. 2:21-22.
6. Kung nakikilala natin ang Katawan at may kamalayan sa Katawan, matatanto natin na ang ekklesia bilang organikong Katawan ni Kristo ay walang kinalaman sa pagsasarili.

*© 2021 Living Stream Ministry*